



PATNUBAY SA MISA

1 Oktubre 2017

Ika-26 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

PAGLILINGKOD SA PANGINOON SA ATING PAMUMUHAY

Sa Panginoon, ang pagtugon ng “Oo” ay hindi sapat. Nara-rapat na ito’y may kasabay na pagkilos. Sa Talinghaga ng Dalawang Anak, ang siyang tumupad sa kagustuhan ng kanyang ama ay ang tumugon ng “hindi” sa umpisa subalit sa bandang huli ay sumunod din sa utos ng kanyang ama.

Mayroon tayong mas mabuting halimbawa kay Hesus na hindi lamang sumagot ng “Oo” sa kagustuhan ng Ama, bagkus ay tinupad ito. Siya ang perpektong “OO!” para sa Ama.

Sa Eukaristiyang ito, ipanalangin nating tayo nawa ay tumulad sa halimbawa ni Hesus at mamuhay bilang “matapat na Kristiyano” – mga taong patuloy na namumuhay ayon sa pananampalatayang ating ipinahahayag.

Ngayong Oktubre, ipinagdiriwang din natin ang buwan ng Rosaryo at ng mga misyon. Ito’y isang paalaalang tayong lahat, hindi lamang ang mga misyonero, ang tinawag upang ipakalat ang Mabuting Balita at dasalin ang Rosaryo para sa kapayapaan sa mundo, pagbabalik-loob ng mga makasalanan, at kaligtasan ng mga kaluluwa. Nawa ang Eukaristiyang ito’y mapag-alab ang ating mga puso na may pagsisigasi para sa Mabuting Balita at pag-ibig para sa Santo Rosaryo.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lahat ng iyong ginanap ay makatarungang lahat, yamang kami’y sumalungat, parusa’y’yong inilapat. Hiling namin ay patawad.

Pagbati

P–Luwalhati’t papuri kay Hesu-kristong itinanghal na Panginoon ng langit at lupa. Ang kanyang pag-ibig at kapayapaan ay sumaiyong lahat!
B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Sa pagkakatipon natin ngayon sa harap ng Diyos para sa Eukaristiya, alalahanin natin ang ating pagiging di karapat-dapat, at hili-

ngin natin ang pagpapatawad ng Panginoon sa ating mga kasalanan. (Manahimik saglit.)

P–Diyos Ama, pinarangalan Mo kaming magtrabaho sa Iyong ubasan, ngunit madalas kaming mag-aksaya lamang ng aming buhay tulad ng mga di nakakikilala sa Iyong pagmamahal. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Diyos na nagkatawang-tao, hinalimbawaan mo sa amin ang kababaang-loob at pagiging masunurin, ngunit madalas naming sinusunod ang ibig naming gawin sa halip ng nais mong mangyari. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Banal na Espiritu, tuwina ka naming inspirasyon para ma-

tupad namin ang kalooban ng Ama, ngunit sa halip ay madalas naming sinusunod ang sari-sarili naming mga plano at kagustuhan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoon

Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, ang iyong pinakadakilang magagawa ay magpatawad at ang iyong laging ipinakikita ay pagkahabag. Padaluyin mo sa aming walang humpay ang kagandahang-loob mong sa ami’y inilaan upang sa pagkakamit namin sa pangako mong bigay kami’y gawin mong kasalo sa ipagkakaloob mo sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Ez 18:25-28

Sa pagkakapatapon sa kanila sa Babilonia, dumaing ang mga Israelitang sila’y pinarurusahan sa mga kasalanan ng kanilang mga ninuno. Sa gayon, muling ipinahayag ng propetang si Ezekiel, sa ngalan ng Diyos, ang prinsipyo ng personal na pananagutan.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

Ito ang sinasabi ng Panginoon: “Marahil ay sasabihin ninyong hindi tama itong ginagawa ko. Makinig kayo, mga Israelita: Matuwid ang aking tuntunin, ang pamantayan ninyo ang baluktot.

Kapag ang isang taong matuwid ay nagpakasama, mamamatay siya dahil sa kasamaang ginawa niya. At ang masamang nagpakabuti at gumawa ng mga bagay na matuwid

ay mabubuhay. Dahil sa pagtalikod sa nagawa niyang kasamaan noong una, mabubuhay siya, hindi mama-matay.”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 24

B –Poon, iyong gunitain, wagas mong pag-ibig sa ‘kin!

R. M. Velez



* Ang kalooban mo’y ituro, O Diyos, ituro mo sana sa aba mong lingkod; ayon sa matuwid, ako ay turuan, ituro mo Poon, ang katotohanan; tagapagligtas ko na inaasahan. **B.**

* Poon, gunitain, pag-ibig mong wagas, at ang kabutihang noon pa’y nahayag. Patawarin ako sa pagkakasala, sa kamalian ko nang ako’y bata pa; pagkat pag-ibig mo’y hindi nagmamaliw, ako sana, Poon, ay alalahanin! **B.**

* Mabuti ang Poon at makatarungan, sa mga salari’y guro at patnubay; sa mababang-loob siya yaong gabay, at nagtuturo ng kanyang kalooban. **B.**

Ikalawang Pagbasa Fil 2:1-11

Sa kanyang pakumbabang pagsunod sa kalooban ng Ama, si Hesukristo ay siyang ganap na “OO!” sa paanyaya ng Amang magsikap para sa ikapagtatag at ikapagpapalawak ng Kaharian. Kaya nga, siya ang ating perpektong halimbawang moral, gaya ng pahayag ni San Pablo sa mga tapat na mananampalataya ng Filipos at sa atin.

L –Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Nagbibigay ba sa inyo ng kasiglahan ang buhay na nakaugnay kay Kristo? Naaaliw ba kayo ng kanyang pag-ibig? May pagkakaisa ba kayo sa Espiritu Santo? Kayo ba’y may nadaramang hangarin na tumulong sa iba? Kung

gayon, lubusin ninyo ang aking kagalakan – maghari sa inyo ang pagkakasundo, mabuklod kayo ng iisang pag-ibig at maging isa kayo sa puso’t diwa. Huwag kayong gagawa ng anumang bagay dahil lamang sa hangad ninyong matanyag, bagkus magpakababa kayo at huwag ipalagay na kayo’y mabuti kaysa iba. Ipagmalasakit ninyo ang kapakanan ng iba, hindi lamang ang sa inyong sarili.

Magpakababa kayo tulad ni Kristo Hesus: Na bagama’t siya’y Diyos, hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos, bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin. Nang maging tao, siya’y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya’y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupa’t ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya.

At ipapahayag ng lahat na si HESUKRISTO ANG PANGINOON, sa ikararangal ng Diyos Ama!

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya

Jn 10:27

B – Aleluya! Aleluya!

Ang tinig ko’y pakikinggan ng kabilang sa ‘king kawan; ako’y kanilang susundan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 21:28-32

Laging sinusubok ng Diyos ang ating katapatan sa Kanyang kalooban. Marami ang tumutugon sa kanilang magagandang pananalita lamang. Sa parabula natin ngayon, binibigyang-diin ni Hesus ang higit na kahalagahan ng gawa kaysa salita.

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga punong saserdote at mga matatanda ng bayan: “Ano ang palagay ninyo rito? May isang tao na may dalawang anak na lalaki. Lumapit siya sa nakatatanda at sinabi, ‘Anak, lumabas ka at magtrabaho sa ubasan ngayon.’ ‘Ayoko po,’ tugon niya. Ngunit nagbago ang kanyang isip at siya’y naparoon. Lumapit din ang ama sa ikalawa at gayundin ang

kanyang sinabi. 'Opo,' tugon nito, ngunit hindi naman naparoon.

Sino sa dalawa ang sumunod sa kalooban ng kanyang ama?" "Ang nakatatanda po," sagot nila. Sinabi sa kanila ni Hesus, "Sinabiko sa inyo: ang mga publikano at masasamang babae'y nauuna pa sa inyong pasakop sa paghahari ng Diyos. Sapagkat naparito sa inyo si Juan at ipinakilala ang matuwid na pamumuhay, at hindi ninyo siya pina-niwalaan. Ngunit pinaniwalaan siya ng mga publikano at ng masasamang babae. Nakita ninyo ito, subalit hindi pa rin kayo nagsisi at naniwala sa kanya."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoon Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Hinahamon pa rin ng Diyos ang lahat ng taong magpaunlak sa Kanyang paanyayang mag-trabaho sa Kanyang Kaharian. Batid ang ating kahinaang tumugon sa magagandang pananalita lamang, hilingin natin ang Kanyang pagpapala't tulong habang nananalangin tayong:

B – Panginoon, dinggin mo kami!

* Para sa pamayanan ng lahat ng mga nananalig sa buong daigdig: Nawa manguna ito sa pag-ayon sa kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagtalima sa matuwid at makatarungan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa at lahat nating pinunong espirituwal: Nawa maganyak tayo ng kanilang mabuting halimbawa sa pagtupad sa plano ng Diyos para sa ikalalago ng Kaharian. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga pinuno sa pamahalaan at iba pang nanunungkulan: Nawa manguna sila sa pagsunod sa batas ng bayan at sa gayo'y patnubayan tayo sa pagsulong ng kapakanang pan-lahat. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga guro: Pahalagahan nawa nila ang bokasyong kaloob ng Diyos at magturo di lamang sa pamamagitan ng salita kundi pati rin sa magandang halimbawa ng kanilang buhay, dedikasyon, at pagmamahal sa kanilang mga mag-aaral. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng misyonero: Nawa'y magpakumbaba sila, maging masunurin sa Banal na Espiritu, at buong tapang na ipahayag ang Mabuting Balita sa kanilang salita at gawa hanggang sa ang lahat ay lumuhod at magpahayag na si Hesukristo ang Panginoon. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat, lalo na sa kabataan: Nawa gawin natin ang ating mga tungkulin ng buong-husay at, sa pagtugon sa Mahal na Birhen ng Fatima, dasalin ang Rosaryo araw-araw para sa pagbabalik-loob ng mga makasalanan at kapayapaan sa mundo. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Ama naming mapagmahal, patnubayan Mo ang aming mga hakbang sa buhay nang maging laging kalugud-lugod sa Iyo ang aming mga asal gaya ng kasiyahan Mo kay Hesus na Iyong Anak. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen!

PAKIKINABANG



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, loobin mong ikalugod ang aming paghahandog at ito nawa ay siyang magkaloob ng iyong pagpapalagan sa ami'y umaagos sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo VII

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Nilooob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, ilitas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



B – Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang pangako mo sa akin ngayoy iyang gunitain. Pag-asa kong tatanggapin kahit aba sa 'yong tingin ang pagsamo ko't dalangin.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, ang aming banal na pakikinaabang ay magdulot nawa ng kagalingan sa aming katauhan upang kami'y makatambal sa kaluwalhatian ng aming nilalahukan sa tiniis na kamatayan na amin ngayong ipinahayag sa ginanap na pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGWAWAKAS



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang bukas-palad na magsikap sa ubasan ng Panginoon.

B –Salamat sa Diyos!

Fatima Hindi Lang Isang Debosyon Kundi Ating Misyon (Unang Bahagi)

• Glady V. Ramos (Salin ni Jenrose Dy)

“Ang Pagtatalaga (kay Maria) ay hindi lamang isang debosyon. Ito'y isang misyon.” Hinamon ni Dr. Peter Howard ang lahat ng dumalo sa *National Marian Congress on the Centennial of the Apparitions of Fatima* na huwag lamang dasalin ang pagtatalaga kay Maria kundi isabuhay at ibahagi din sa iba.

Sinabi ni Maria sa kanyang pagpapakita sa Fatima noong Hunyo 13, 1917, “*Ang aking Kalinis-linisang Pusong ay iyang magiging kanlungan at daan tungo sa Diyos.*” Sinabi ni Dr. Howard na, dahil alam natin na ang lihim patungong langit ay ang pag-aalay ng ating mga sarili sa Inang Maria, dapat natin itong ipalaganap upang maligtas ang lahat.

Kasalanan Natin ang Kawalan ng Kapayapaan

Ibinahagi ni **Angelyn Dee**, isa sa mga pangunahing tagapagsalita sa Kongresong ginanap noong ika-7 hanggang ika-8 ng Hulyo 2017 sa SMX Convention Center, kung paanong sa isang pandaigdigang pagtitipon, isang embahador ng bansang Japan ang lumapit sa isang Katolikong pari at nagsabing, “Kayong mga Katoliko, kayong lahat –wala tayong kapayapaan sa mundo. Kasalanan ninyo ito.”

Noong tinanong ng pari kung bakit niya sinisisi ang mga Katoliko, sumagot ang embahador, “Nabasa ko ang tungkol dito. Nagpunta ang Babae sa inyo sa Fatima, hindi ba? Lyon ang inyong pinaniniwalaan? Sinabi niya sa inyo ang mga dapat gawin upang magtamo ng kapayapaan sa mundo. Ngunit, walang kapayapaan sa mundo; ibig sabihin hindi pa ninyo ginagawa.”

Inamin ni Bb. Dee na masakit subalit totoo ang sinabi ng embahador. Ito'y responsibilidad nating mga Katoliko dahil taglay natin ang mga sandata para sa kapayapaan – ang Eukaristiya at ang Rosaryo. At oo, sinabi nga sa atin ni Maria ang dapat gawin para makamit ang kapayapaan. Pero ang nakalulungkot, hindi pa natin ito ginagawa.

Mga Dapat Gawin upang Makamit ang Kapayapaan

Sa pagbubuod ng mga mensahe ng Mahal na Birhen sa Fatima, ipinaliwanag ni Bb. Dee na kinakailangan nating tumugon o mag-**RSVP** sa paanyaya ni Maria upang makamit di lamang ang kapayapaan kundi pati na rin ang pagbabalik-loob ng mga makasalanan at ang kagalingan ng kanyang Kalinis-linisang Pusong. Ang **RSVP** ay kumakatawan sa:

R – Rosary (Sinabi ni Maria sa mga bata sa Fatima, “Ipagpatuloy ninyo ang pagrosaryo araw-araw sa karangalan ng Ina ng Santo Rosaryo, para sa ikapagkakamit ng kapayapaan at katapusan ng digmaan dahil siya lamang at wala nang iba ang makatutulong sa inyo.”), **Reparation** (Hinihiling ni Maria ang 5 Unang Sabado para sa kabayaran ng kasalanan ng mundo)

S – Sacrifices (Pagsasakripisyo para sa kagalingan ng kanyang Kalinis-linisang Pusong at sa pagbabalik-loob ng mga makasalanan), **Saturdays** (tumulok sa 5 Unang Sabadong debosyon), **Scapular** (Isinulat ni Lucia, “Hindi maaaring paghiwalayin ang eskapularyo at ang Rosaryo.” Kung gayon, hinihikayat tayo ni Bb. Dee na magsuot ng kulay-kapeng eskapularyo na sumisimbolo sa ating pagmamahal at debosyon sa Inang Maria.)

V – Victory (na makamit sa pamamagitan ng Pagtatalaga kay Maria, dahil “kung saan naroroon ang Mahal na Birheng Maria, naroon din ang Kanyang Banal na Anak”)

P – Prayer (Ipinaalala din ni Bb. Dee sa mga tagapakinig ang sinabi ng Anghel ng Kapayapaan sa mga bata, “Bawasan ang laro, damihan ang dasal” at ang pahayag ni Inang Mariang maraming kaluluwa ang napupunta sa impierno dahil sa walang nagdarasal para sa kanila), **Penance** (Ipinaalala ng Mahal na Birhen ng Fatima sa ating talikdan ang kasamaan at isaayos ang pinsalang dulot ng ating mga kasalanan).

Na ang Mahal na Birhen ay makapaghahatid ng kapayapaan sa mundo ay kinumpirma ni Hesus kay Lucia, “**Naibigay ko na sa mga kamay ng aking Ina ang kapayapaan sa mundong ito.**”



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Dy, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua